



Name: _____

Grade & Section: _____

Date: _____

Time: _____



hunterswoodsph.com

Mga Pangulo ng Pilipinas

Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

- _____ 1. Sino ang kilala sa pagsabi ng "I would rather have a government run like hell by Filipinos than a government run like heaven by Americans"?
A. Elpidio Quirino B. Ramon Magsaysay C. Manuel L. Quezon
- _____ 2. Sino ang pangulo ng Pilipinas noong panahong sakop ito ng mga Hapones?
A. Jose P. Laurel B. Carlos P. Garcia C. Fidel V. Ramos
- _____ 3. Sino ang tinaguriang "Kampeon ng Masang Pilipino"?
A. Rodrigo Duterte B. Ferdinand Marcos C. Ramon Magsaysay
- _____ 4. Sinong pangulo ang naging diktador at nagdeklara ng Martial Law?
A. Ferdinand Marcos B. Manuel Roxas C. Joseph Estrada
- _____ 5. Sino ang kinikilalang unang pangulo ng Republika ng Pilipinas?
A. Lapulapu B. Emilio Aguinaldo C. Sergio Osmeña
- _____ 6. Sino ang tumakbo sa pagkapangulo laban sa isang diktador at nailuklok sa pamamagitan ng mapayapang rebolusyong nagbalik ng demokrasya?
A. Fidel V. Ramos B. Gloria Arroyo C. Corazon Aquino
- _____ 7. Sino ang pangulong nagtaguyod ng "Filipino First Policy" sa negosyo?
A. Carlos P. Garcia B. Benigno Aquino III C. Rodrigo Duterte
- _____ 8. Sino ang pangulong na-impeach sa Kongreso at nahatulan ng Sandiganbayan na nagkasala sa kasong pandarambong?
A. Ferdinand Marcos B. Joseph Estrada C. Diosdado Macapagal
- _____ 9. Sino ang tinaguriang "Ama ng Wikang Pambansa"?
A. Sergio Osmeña B. Manuel Roxas C. Manuel L. Quezon
- _____ 10. Kaninong panunungkulan ang tinaguriang "Golden Years" ng Pilipinas dahil kinilala ito sa pagiging malinis at sa relatibong kawalan ng katiwalian?
A. Ramon Magsaysay B. Corazon Aquino C. Elpidio Quirino